## Prepasyo ng mga Apostol

**Vere dignum** et iustum est, æquum et salutáre: Te, Dómine, supplíciter exoráre, ut gregem tuum, Pastor ætérne, non déseras:

**Tunay ngang marapat** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali: Hinihiling namin, O Pastol na walang hanggan, upang huwag pabayaan ang iyong kawan.

Sed per beátos Apóstolos tuos, contínua protectióne custódias: Ut iísdem rectóribus gubernétur, quos óperis tui vicários eídem contulísti præésse pastóres.

Sa mga banal na Apostol, lagi mo itong pangalagaan at ipagtanggol: nawa'y kalingain at pamunuan ng mga pinuno ng banal Mong Simbahan ang iyong kawan, nang maipagpatuloy nila ang gawain ng mga Apostol.

Et ídeo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus, cumque omni milítia cæléstis exércitus, hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

## Antipona sa Komunyon • *Mt 16:18*

**Tu** es Petrus, ei super hanc petram aedificabo Ecclésiam meam.

**Ikaw** ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito'y itatayo Ko ang aking Simbahan!


## Panalangin Matapos ang Komunyon

**Quos** cœlésti, Dómine, aliménto satiásti: apostólicis intercessiónibus ab omni adversitáte custódi. Per Dominum.

**O Panginoon,** sa pamamagitan ng Iyong mga Apostol, ipagsanggalang Mo sa lahat ng kapahamakan yaong mga pinakanin Mo nitong makalangit na pagkain.Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin…

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Hunyo 29*




# DAKILANG KAPISTAHAN NINA SAN PEDRO AT SAN PABLO Mga Apostol

*Misa "Nunc Scio"*
*I cl. • Doble I cl. • Pula*

## Pambungad na Antipona • *Gawa 12:11*

**Nunc scio** vere, quia misit Dóminus Angelum suum : et erípuit me de manu Heródis et de omni exspectatióne plebis Judæórum. — *Ps 138:1-2* Dómine, probásti me et cognovísti me: tu cognovísti sessiónem meam et resurrectiónem meam. *V.* Gloria Patri. Nunc scio…

**Ngayo'y** natitiyak kong tunay na isinugo ng Panginoon ang kanyang Anghel at iniligtas ako mula sa kamay ni Herodes at sa lahat ng mga inaasahan ng mga Judio na dapat mangyari sa akin. — *Salmo 138:1-2* Panginoon, siniyasat mo ako at nakilala mo ako. Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ngayo'y natitikyak…

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

## Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Deus,** qui hodiérnam diem Apostolórum tuórum Petri et Pauli martýrio consecrásti : da Ecclésiæ tuæ, eórum in ómnibus

**O Dios,** pinabanal Mo ang araw na ito sa pagdanak ng dugo ng iyong mga Apostol na sina San Pedro at San Pablo: ipagkaloob Mo sa

sequi præcéptum; per quos religiónis sumpsit exórdium. Per Dóminum.

iyong Sambayanan na sundin nilang palagian ang lahat Mong ipinaguutos buhat sa tinanggap nila mula sa Iyo. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### PAGBASA • *Gw 12:1-11*

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

**NOONG MGA ARAW NA IYON,** sinimulang usigin ni Haring Herodes ang ilang kaanib ng iglesya. Ipinapatay niya sa pamamagitan ng tabak si Santiago na kapatid ni Juan. At nang makita niyang ito'y ikinalugod ng mga Judio, si Pedro naman ang kanyang ipinadakip. Nangyari ito noong Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Pagkadakip kay Pedro, siya'y ikinulong at pinabantayan sa apat na pangkat ng tig-aapat na kawal. Ang balak ni Herodes ay iharap siya sa bayan pagkatapos ng Paskwa, kaya't nanatiling nakabilanggo si Pedro. Subalit ang iglesya ay taimtim na nananalangin sa Diyos para sa kanya. Nang gabi bago iharap ni Herodes si Pedro sa bayan, natutulog ito sa pagitan ng dalawang kawal. Nakagapos siya ng dalawang tanikala at may mga bantay pa sa harap ng pinto ng bilangguan. Walang anu-ano'y lumitaw ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa silid-piitan. Tinapik nito si Pedro sa tagiliran at ginising. “Dali, bumangon ka,” sabi ng anghel. Nakalag ang mga tanikala sa mga kamay ni Pedro. “Magbihis ka't magsuot ng sandalyas,” sabi ng anghel, at ganoon nga ang kanyang ginawa. Sinabi pa sa kanya ng anghel, “Magbalabal ka't sumunod sa akin.” Lumabas at sumunod si Pedro sa anghel, ngunit hindi niya alam kung totoo nga ang nangyayaring iyon. Akala niya'y pangitain lamang iyon. Nakalampas sila sa una at pangalawang bantay at nakarating sa pintuang bakal na labasan papunta sa lungsod. Ito'y kusang bumukas at sila'y lumabas. Pagkaraan nila sa isang kalye, bigla siyang iniwan ng anghel. Noon natauhan si Pedro, kaya't sinabi niya, “Ngayon ko natiyak na totoo pala ang lahat! Isinugo ng Panginoon ang kanyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa inaasahan ng mga Judio na mangyari sa akin.” — *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 44:17-18; Mt 16:18*

**CONSTITUES** eos príncipes super omnem terram : mémores erunt nóminis tui, Dómine.
*V.* Pro pátribus tuis nati sunt tibi fílii : proptérea pópuli confítebúntur tibi.

**HINIRANG** Mo silang mga tagapangasiwa sa buong sandaigdigan: at lagi nilang maalala ang Iyong ngalan, Poong Mahal.
*V.* Darami ang iyong supling, sa daigdig maghahari, kapalit ng ninuno mo sa sinundang mga lahi.

**Allelúia, alleluia.** *V.* Tu es Petrus, et super hanc petram ædificábo Ecclésiam meam. **Allelúia.**

**Aleluya.** *V.* Ikaw ay Pedro: at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang aking Simbahan! **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Mt 16:13-19*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Dumating si Jesus sa bayan ng Cesarea ng Filipos, tinanong niya ang kanyang mga alagad, “Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?” At sumagot sila, “Ang sabi po ng ilan, kayo si Juan na Tagapagbautismo. Sabi po naman ng iba, kayo si Elias. At may nagsasabi pong kayo si Jeremias, o isa sa mga propeta.” Tinanong ulit sila ni Jesus, “Ngunit para sa inyo, sino ako?” Sumagot si Simon Pedro, “Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buháy.” Sinabi sa kanya ni Jesus, “Pinagpala ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito'y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Ama na nasa langit. At sinasabi ko sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya at ang kapangyarihan ng kamatayan ay hindi magtatagumpay laban sa kanya. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit. Ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot din sa langit.” — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 138:17*

**MIHI** autem nimis honoráti sunt amíci tui, Deus: nimis confortátus est principátus eórum.

**TINIG** Nila'y sa buong daigdig naririnig: at umaabot ang kanilang mga salita sa mga dulo ng mundo.

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**HÓSTIAS,** Dómine, quas nómini tuo sacrándas offérimus, apostólica prosequátur orátio : per quam nos expiári tríbuas et deféndi. Per Dóminum.

**ANG** pamamagitan nawa ng iyong mga Apostol, O Panginoon, ay siyang lakipan nitong mga iniaalay namin na gagawin mong banal sa Iyong ngalan: at sa bisa nito'y makamit namin ang Iyong pagpapatawad at paglingap. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...